Pagdadalantao at pagpapakasal
Ni Ruth Cervantes | Philippines

Sinisisid ko sa kailaliman
ng dagat ng pagninilay
kung bakit kailangang
ipangamba ng babaeng kagampan
ang pagbubuntis
sa labas ng kasal.

Magandang balita naman
ang pagdating ng sanggol.
Bakit ba may pagtatangi sa
buhay na sumisibol sa
loob ng tiyan ng isang inang
may papeles at ng isang wala?

Ikinayayamot kong labis
ang pagkakait sa babae
ng kapangyarihan sa kanyang katawan.

Higit sa lahat, ang kailangang
Magpasya ay ang siyang
magdadala ng punla ng
pag-ibig at init ng katawan.

Chidbearing and marriage
By Ruth Cervantes | Philippines

Plunging the depths
of my sea of reflections
I ask why a woman should fear
having children outside of marriage.

Giving birth should always
be good news.
Why should it matter
if a mother's belly comes
with a contract or not?

It totally vexes me
how women are denied
the right over their own bodies.

She who carries the seed
of love and lust
is the one who rules.